**Umiiral at Binabalak na Mga Panukala ng Pagkakapantay-pantay ng Lahi**

**Radyo Telebisyon ng Hong Kong**

Ang Radyo Telebisyon ng Hong Kong (RTHK) ay ang pambuplikong serbisyong tagapagbalita sa Hong Kong na nagbibigay ng serbisyo sa radyo, telebisyon (TV) mga serbisyo ng makabagong pamamahayag.

| | |
|---|---|
| Mga Serbisyong May Kinalaman | ● Ang RTHK ay naglalaan ng bahagi ng kanilang oras sa radyo upang bigyan ng plataporma para sa komunidad, mga organisasyong di-pampamahalaan at mga kapuspalad upang makilahok sa pagbabalita sa pamamagitan ng pagbibigay ng Serbisyong Pagsasahimpapawid na Sangkot ang Komunidad (CIBS). |
| Umiiral na Mga Panukala | ● Sa ilalim ng CIBS, ang karapat-dapat na mga indibidwal at mga organisasyon, kabilang ang mga taong magkakaibang lahi, ay maaaring mag-apply upang gumawa ng mga programa sa radyo na isasahimpapawid ng RTHK. |
| | ● Ang RTHK ay nagbibigay ng suportang pondo para sa aplikasyon ng mga interesado sa paggawa ng mga programa sa ilalim ng CIBS. |
| | ● Ang CIBS ay kasalukuyang nagbibigay ng 17 oras ng mga bagong programa bawat linggo. Kabilang sa mga ito, ay hindi bababa ng 5 oras na partikular na nakatuon sa tema ng mga etniko minorya. Hanggang ngayon, kabilang sa mga wika ng pagbabalita sa mga programa ang Cantonese, Putonghua, Ingles, African, Arabic, Hakka, Hindi, Hapon, Kannada, Koreano, Nepali, Punjabi, Sanskrit, Espanyol, Tagalog, Tamil, Telugu, Thai, at Urdu. |
| Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap | ● Patuloy na itataguyod ng RTHK ang CIBS upang tulungan ang kamalayan ng publiko sa pakikilahok sa mga programa ng CIBS. Kasama sa mga pagsusumikap ng pagtataguyod ang mga patalastas sa mga , pahayagan at magasin, road show, palabas sa radyo at TV at mga pagsuporta sa mga |

gawaing nakatuon sa mga taong magkakaibang lahi. Bukod dito, patuloy na aanyayahan ng RTHK ang mga tagagawa at talento ng CIBS na lumahok sa iba't ibang mga gawain sa pagtataguyod, kabilang ang mga taong magkakaibang lahi; at magbigay ng tulong sa mga nag-apply o gumagawa ng mga programa sa ilalim ng CIBS, pagbibigay ng mga workshop sa pagsasanay para sa paggawa ng iba't ibang programa ng mga propesyonal na tagagawa.

| | |
|---|---|
| Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/ Ipatutupad | ● Babaguhin at pagbubutihin ng RTHK ang websayt ng CIBS upang madaling makuha ng publiko ang mga nauugnay na impormasyon sa mga aplikasyon at programa ng CIBS.<br><br>● Mag-aayos ng pagsasanay para sa mga kasamahan ng RTHK upang mapahusay ang kanilang kamalayan sa, at pagiging sensitibo sa, pagkakapantay-pantay ng lahi. |

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnay kay


| | | |
|---|---|---|
| Pangalan | : | Tammy CHENG |
| Tungkulin | : | Punong Opisyal sa Pamamahala (Departmental Administration Unit)1 |
| Telepono | : | 2339 6322 |
| Fax | : | 2338 0279 |
| Email | : | chengslt@rthk.hk |
| Adres sa Koreo | : | 30 Broadcast Drive, Kowloon, Hong Kong |


**Radyo Telebisyon ng Hong Kong**
**Mayo 2024**